## Nagsisimula ang pagbabasa mula sa edad na ‘0’

Ayon sa pananaliksik na may kaugnayan sa agham ng utak, ang utak ng tao ay walang sentro ng pagbabasa at hindi maaaring matutong magbasa nang mag-isa o sa sarili nitong kusa.Kailangan nitong unti-unting matutong magbasa kasama ang kumpanya at gabay ng mga taong nasa hustong gulang, at saka ito maaaring matuto sa pamamagitan ng pagbabasa. Ang maagang pagbabasa ng mga magulang sa mga sanggol at mga batang paslit ay nakakatulong sa positibong pag-unlad ng utak (brain development) ng kanilang anak at magkaroon din sila ng magandang ugnayan. Minamahal na mga magulang, mangyaring itabi muna ang inyong mga kagamitang elektroniko, kumuha ng isang aklat na may larawan, at masayang magbasa kasama ang iyong mahal na anak.

### ~Paano Gumawa ng Lugar o Sulok para sa Pagbabasa sa Bahay~

Maghanap ng isang lugar kung saan kayo at ang inyong anak ay madalas na gumugol ng oras, tulad ng isang maliit na sulok sa sala.




Maaari din ilagay ang mga picture book sa isang bukas na istante na ang mga pabalat ng aklat ay nakaharap sa labas upang maakit ang mga bata na pumili ng mga aklat.

Maaari din kayong magpatugtog ng mga audio book, kanta, atbp.


Maaari kayong mag lagay ng malambot na unan, karpet, maliit na upuan, at iba pa para maupuan ng inyong mga anak.



Piliin ang aklat na tiyak na matibay ang pagkakagawa at hindi delikadong gamitin para hindi masaktan ang bata; ang nilalaman ng aklat ay dapat na angkop, may tamang tema, at walang mga stereotype o mabilisang panghuhusga.



Kung mas malaki na ang iyong anak, maaari kayong maghanda ng mesa, upuan, lampara, papel, o panulat, upang malaya itong makapag-guhit(draw o doodle).



Ang website o pook-sapot ng Programa sa Pagbabasa ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Sanggol at mga Batang Paslit ay nagbibigay ng impormasyon kung paano makakuha ng mga libreng babasahin sa iba't ibang lalawigan at lungsod, address o lugar ng mga aklatan, rekomendasyon sa aklat, column o artikulo ng mga eksperto, atbp.Nagbibigay ito ng komprehensibong tulong o suporta sa pagbabasa ng mga sanggol at mga batang paslit.



## Tungkol sa Programa

### Tatlong Pangunahing Konsepto:

- Maagang pagbabasa upang magkaroon ng kaliwanagan o kasanayan sa pagbabasa
- Pagtitiyak na ang bawat bata ay pantay-pantay na nasisiyahan sa pagbabasa
- Sa sama-samang pagbabasa, magkakaroon ng masaganang buhay ang bawat pamilya

### Sino ang maaaring lumahok o sumali:

Mga batang may edad na 0-5 taong gulang at kanilang mga magulang



### Nilalaman ng Programa:



- Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagbibigay ng subsidyo sa iba't ibang lalawigan at lungsod upang isaayos at isulong ang mga aktibidad sa pagbabasa para sa mga sanggol at mga batang paslit, namamahagi ng mga libreng bag na naglalaman ng mga aklat o babasahin, hinihikayat ang mga pampublikong aklatan na pagyamanin ang kanilang mga koleksyon ng mga aklat para sa mga maliliit na bata, at magtayo o maglagay ng mga angkop na lugar para sa kanilang pagbabasa.
- Ang Pambansang Aklatan ng Taiwan (National Taiwan Library o NTL) ay nag-organisa ng komite upang taonang pumili ng mga aklat na angkop sa edad ng mga bata.






- Nagbibigay ang NTL ng patnubay sa mga pampublikong aklatan sa buong bansa at nagsasagawa ng propesyonal na pagsasanay para sa mga katiwala ng aklatan sa pagbabasa ng mga sanggol at mga batang paslit.
- Ang Kagawaran ng Edukasyon at NTL ay nakikipag-ugnayan sa mga pampublikong aklatan sa buong bansa, nakikipagtulungan sa iba pang mga kagawaran ng pamahalaan at nakikibahagi sa kooperasyon interdisiplinaryo sa pagitan ng mga organisasyong sibil upang sama-samang isulong ang programang pagbabasa para sa mga sanggol at mga batang paslit.

# Pagtataguyod ng Programa sa Pagbabasa ng Kagawaran ng Edukasyon para sa mga sanggol at mga batang paslit

## Gabay sa sama-samang pagbabasa ng magulang at anak para sa mga batang may edad 0-5 taong gulang.



指導單位：MINISTRY OF EDUCATION 教育部 承辦單位：國立臺灣圖書館 National Taiwan Library

## Mga Katangian ng Paglaki ng Bata

### 0-6 na buwan

- Mahaba ang tulog
- Malabong paningin, ngunit nakakasunod
- Gustong tumingin sa mukha ng mga tao
- Sensitibong pandinig at pandamdam



### 6-12 na buwan

- Unti-unting umuupo at nagsisisimulang gumapang
- Mahilig humawak ng mga bagay, gaya ng mga aklat at magbuklat ng mga pahina
- Maglagay ng bagay sa bibig
- Napapansin ang mga pattern o dibuho sa aklat at tinatapik ang mga ito
- May kakayahang makilala ang iba't ibang mga tunog

### 1-2 taong gulang



- Magsimulang matutong magsalita
- Kayang tumayo at maglakad
- Maikli ang atensyon at madaling magambala
- Maaaring hawakan at suriin o ilipat ang pahina ng aklat nang mag-isa

### 2-3 taong gulang

- Nadadagdagan ang mga ginagamit na salita o bokabularyo at pangungusap
- Mahilig magtanong ng "Ano ito (iyan)?"
- Nauunawaan ang simpleng ugnayan ng sanhi at bunga
- Paulit-ulit na binabasa ang parehong aklat

### 3-5 taong gulang

- Malakas na kakayahan sa panggagaya
- Mayaman na imahinasyon
- May kakayahang magsagawa ng simpleng lohikal na pangangatwiran
- Matatas magsalita



## Angkop na Babasahin



### 0-6 na buwan

- Mga laruang aklat na may matitingkad na kulay, may malalaki at simpleng balangkas, at mga espesyal na hugis
- Isang aklat na gawa sa tela na may iba't ibang tekstura na maaaring hawakan at masahin

### 6-12 na buwan

- Mga aklat na gawa sa iba't ibang materyales tulad ng tela at mga aklat na pwedeng gamitin sa paliguan
- Mga picture book na may maikling parirala at mga simpleng guhit
- Mga aklat na yari sa makapal na karton, matibay at madaling buksan ang mga pahina
- Mga aklat na naglalaman ng mga laro para sa  pandama

### 1-2 taong gulang

- Mga larawan o mga libro na may kugnayan  sa pang-araw-araw na buhay o karanasan ng sanggol (tulad ng pagkain, mga laruan)
- Mga picture book na may matitingkad na kulay, malalaking larawan at mangilan-ngilang salita
- Game book para sa sensory manipulation

### 2-3 taong gulang

- Mga picture book na may mga simpleng balangkas at paulit-ulit na mga struktura ng pangungusap
- Mga aklat na tungkol sa mga karanasan at gawain ng mga bata tulad ng pagkain, pagligo, pagsisipilyo, paggamit ng palikuran, pagtulog, pagbisita sa doktor, atbp.



### 3-5 taong gulang

- Mga aklat na nakakatawa at kawili-wili
- Mga aklat tungkol sa sikolohiya at mga emosyon
- Mga kwento ng buhay na nagpapalawak ng mga karanasan
- Mga kwento tungkol sa pamilya at pagkakaibigan
- Mga picture book na pangkaalaman


## Mga simpleng hakbang para sa Pagbabasa ng Magulang at Anak

### 0-6 na buwan

- Kumanta ng mga nursery rhyme habang inaalagaan ang iyong sanggol para mapasigla ang kanyang pandinig
- Yakapin ng madalas,makipag-ugnayan at makipag-usap sa iyong anak
- Maglagay ng mga laruan o larawan na may matitingkad na kulay sa kapaligiran ng iyong anak

### 6-12 na buwan

- Gumamit ng iba't ibang tono ng boses o sound props habang nakikipaglaro o nagkukwento sa iyong anak
- Hayaang tuklasin ng mga bata ang mga aklat at gabayan sila o turuan ng simpleng paggalaw ng daliri upang matutong magbukas ng pahina.
- Ituro ang larawan at sabihin kung ano ito habang magkasamang nagbabasa



### 1-2 taong gulang

- Kapag pinapaliguan ang iyong anak,maaaring gumawa ng mga simpleng aksyon at kumanta ng mga awiting pambata na may kaugnayan sa mga bahagi ng katawan o mukha.
- Kapag nagbabasa, hayaan ang bata na buklatin ang aklat, o magkwento sa pamamagitan ng nakakaaliw na paraan, iba-ibahin ang boses, ekspresyon at galaw ng katawan na akma sa nilalaman ng kwento.

### 2-3 taong gulang

- Kapag nagbabasa ng mga kwento, kailangang bagalan ang iyong pagsasalita at bigyang pansin ang haba ng mga pangungusap para madaling maintindihan at gayahin ng bata

### 3-5 taong gulang

- Gabayan ang inyong anak upang kilalanin at maintindihan ang kaugnayan ng mga salita at ang pagbigkas ng mga ito
- Kapag tinatalakay ang nilalaman ng kwento, maaaring ibahagi ng mga magulang ang sariling karanasan at ideya upang mapalawak ang kanilang pag-iisip
- Hikayatin ang inyong anak na magkwento sa ibang miyembro ng pamilya